DARE TO BELIEVE

FILIPINO **WEEK 2**

# Pananampalataya na Makapaghayag

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong oras sa isang araw? Bakit ito ang paborito mo?
- Balikan ang isang pagkakataon na ikaw ay nakipag-away upang pangalagaan o ipagtanggol ang isang tao. Ano ang nangyari?
- Nararamdaman mo ba na kailangan mo ng mas maraming oras para sa isang proyekto o gawain? Kailan mo ito huling naramdaman? Bakit mo ito naramdaman?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na may mga mabubuting pangako ang Diyos para sa iyo? Ano ang maaaring pumipigil sa iyo na maniwala sa Diyos? Paano mo magagawang mas maihayag ang iyong pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang Salita simula ngayong linggo?
- Sa anong bahagi ng iyong buhay kailangan mo ang paglaban ng Diyos para sa iyo? Anong mga pangako ang iyong pinanghahawakan at paano mo magagawang patuloy na maniwala sa Diyos ngayong panahong ito?
- Pangalanan ang isang miyembro ng iyong pamilya, kaibigan, kasama sa trabaho, o kaya ay kamag-aral na kailangang makarinig ng ebanghelyo. Nais mo bang ihayag ang ebanghelyo sa kanya? Paano ka makapaghahanda para rito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng isang bagay na hindi natin kayang gawin—pagligtas sa atin at pagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan. Ipanalangin na ikaw ay laging magiging mapagpasalamat kay Jesus at sa lahat ng ginawa Niya para sa iyo.
- Hilingin sa Diyos na gawin para sa iyo ang hindi mo kayang gawin—ang patigilin ang araw sa iyong sitwasyon. Maniwala na kikilos ang Diyos alang-alang sa 'yo at hingin ang kakayahan na matiis maging ang mga mahihirap na pangyayari sa iyong buhay.
- Ihayag ang mga pangako ng Diyos sa iyong buhay. Hingin na Kanyang gamitin ang iyong buhay bilang asin at ilaw, upang marami pa ang makakilala sa Kanya simula ngayong linggo.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

**WORD**

*[12]Nang araw na pinagtagumpayan ng Panginoon ang mga Israelita laban sa mga Amoreo, nanalangin si Josue sa Panginoon. Pagkatapos, sinabi niya habang nakikinig ang mga Israelita, "Araw, tumigil ka sa taas ng Gibeon! Ikaw naman buwan, tumigil ka sa taas ng Kapatagan ng Ayalon!" [13]Kaya tumigil ang araw at ang buwan hanggang sa natalo ng mga Israelita ang mga kalaban nila.* **JOSUE 10:12,13**

(Basahin din ang **JOSUE 10:1-11.**)

---

Ang pagkilos ng Diyos ang nagbabago ng sitwasyon ng Kanyang mga mamamayan sa tuwing ito ay kanilang kailangan. Ginawa Niya ang isang imposibleng bagay nang Kanyang patigilin ang araw bilang tugon sa matapang na pahayag ni Josue. Minsan, kung nararamdaman natin na tayo ay tila nahulog sa isang bitag, humahanap tayo ng iba't-ibang paraan upang makalabas at mabigyan ng solusyon ang ating mga problema—hindi natin nauunawaan na dapat tayong umasa at magtiwala sa Diyos. Sa araling ito, ating titignan kung paano natin magagawang pagkatiwalaan ang Diyos sa mga bagay na imposible, gaya ng ginawa ni Josue.

## 1 Paniwalaan ang mga pangako ng Diyos sa iyo.

*Sinabi ng Panginoon kay Josue, "Huwag kang matakot sa kanila. Ibibigay ko sila sa iyo. Wala kahit isa sa kanila ang makakatalo sa iyo."* **JOSUE 10:8**

Kung tayo ay nakatuon lamang sa mga nangyayari sa ating paligid, maaari nating makalimutan ang katapatan at pangako ng Diyos. Subalit hindi nakalimutan ni Josue ang ipinangakong tagumpay ng Diyos para sa Kanyang mamamayan. Sa parehong paraan, maaari tayong manalig na ang Diyos ay may kakayahan at kagustuhan na gawin ang mga sinabi Niya na Kanyang gagawin (Mga Salmo 145:13), dahil iyon ang Kanyang katangian—tapat at mapagkakatiwalaan. Mayroon bang mahirap gawin para sa Diyos? (Jeremias 32:17)

## 2 Maniwala na ang Diyos ay lumalaban para sa iyo.

*[12]Nang araw na pinagtagumpayan ng Panginoon ang mga Israelita laban sa mga Amoreo, nanalangin si Josue sa Panginoon. Pagkatapos, sinabi niya habang nakikinig ang mga Israelita, "Araw, tumigil ka sa taas ng Gibeon! Ikaw naman buwan, tumigil sa sa taas ng Kapatagan ng Ayalon!" [13]Kaya tumigil ang araw at ang buwan hanggang sa natalo ng mga Israelita ang mga kalaban nila. Ang pangyayaring ito ay nakasulat sa Aklat ni Jashar. Tumigil ang araw sa gitna ng langit, at maghapon itong hindi lumubog. [14]Hindi pa nangyari ang ganito mula noon, na sumagot ang Panginoon sa panalangin ng tao na kagaya nito. Tunay na nakikipaglaban ang Panginoon para sa Israel.* **JOSUE 10:12-14**

Bilang mga Kristiyano, anuman ang laban na ating pinagdadaanan, ipinangako ng Diyos na Siya ay ating kasama at Siya ang lumalaban para sa atin, gaya ng Kanyang ginawa para sa mga Israelita. Hindi tayo mag-isa sa ating laban. Magagawa nating mapagtagumpayan ang anumang pagsubok na darating sa ating buhay dahil tayo ay may dakilang Diyos na lumalaban para sa atin. Balikan ang isang mahirap na panahon kung kailan nakita mo kung paano nakipaglaban ang Diyos para sa iyo at sa iyong pamilya.

## 3 Paniwalaan na ibibigay ng Diyos ang katagumpayan.

*Pagkatapos, bumalik si Josue at ang lahat ng mga Israelita sa kampo nila sa Gilgal.* **JOSUE 10:15**

Tulad ng pagbibigay ng Diyos ng tagumpay kay Josue, tayo rin ay binigyan Niya ng tagumpay. Dalawang libong taon na ang nakaraan nang manalo si Jesus sa pinakadakilang laban, sa pamamagitan ng kamatayan sa krus at pagkabuhay na muli. Ngayon, kay Cristo, tayo ay maaaring magpahayag ng pananampalataya at hindi ng takot. Kay Cristo, maaari nating ihayag na ang lahat ay posible, walang imposible. Saan tayo iniligtas ni Jesus? (Mga Taga-Colosas 1:13,14)